# Mula Calilaya Tungong Tayabas: Pag-uugat sa Epekto ng Pagsalakay ng mga Moro

**Gilbert E. Macarandang**

## ABSTRACT

Ang "Mula Calilaya tungong Tayabas" ay representasyon ng tatlong mahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Probinsiya ng Tayabas na tumutukoy sa (1) paglilipat ng kabisera, (2) galaw ng populasyon patungo sa interyor na lokasyon nito, at (3) pagtatatag ng mga bagong bayan. Sa ganitong konteksto, nais ipakita ng pag-aaral na nakaugat ang naratibo ng kasaysayan sa matagal na pakikipaglaban ng estadong kolonyal sa mga Moro at pakikibagay ng mga Tayabasin sa sibilisasyong dinala ng mga Espanyol na masasalamin sa kanyang kalagayang demograpikal at kultural.

## KEYWORDS

Moro, Kristiyanismo, demograpiya, kultura, heograpiya

---

GILBERT E. MACARANDANG is a graduate of Doctor of Philosophy in Philippine Studies at De La Salle University – Manila. He is a faculty member of the Social Sciences Department at De La Salle University – Dasmariñas.

## PANIMULA

Ang "Mula Calilaya tungong Tayabas" bilang representasyon ng mahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Probinsiya ng Tayabas dulot ng pananalakay ng mga Moro ay tumutukoy sa heyograpikal na katayuan nito na nahahati sa dalawang lokasyon: malapit sa karagatan (Calilaya) at malapit sa paanan ng Bundok Banahaw (Tayabas). Maaaring itumbas din ito sa ugnayan ng eksteryor at interyor na bahagi ng Probinsiya ng Tayabas. Bago dumating ang kolonyalismong Espanyol, ang Calilaya ay ang sinaunang pamayanan ng Probinsiya ng Tayabas na may historikal na ugnayan sa mga mangangalakal na Intsik kung kaya't masasabing mataas ang antas ng ekonomiya rito, dahilan upang magkaroon din ng interes ang mga Espanyol na magtatag dito ng estadong kolonyal bukod sa may kalapitan ito sa Paracale na pinagmumulan naman ng mga ginto. Dahil sa palagiang pag-atake ng mga Moro sa Calilaya, napilitang ilipat ang kabisera sa Tayabas malapit sa paanan ng Bundok Banahaw kung saan inilatag ang mga halagahin ng estadong kolonyal tulad ng relihiyong Kristiyanismo. Kaya naman, tumutukoy ang naratibo ng "Mula Calilaya tungong Tayabas" sa pagbabagong demograpikal at kultural na naganap sa Probinsiya ng Tayabas sa panahon ng pagsalakay ng mga Moro. Ipinapakita sa naratibo ng paglilipat ng kabisera ang pakikipaglaban ng estadong kolonyal sa mga Moro at pakikibagay ng mga Tayabasin sa sibilisasyong dinala ng mga Espanyol.

Tinutukoy sa naratibo ng "Mula Calilaya tungong Tayabas" ang galaw ng populasyon mula eksteryor papuntang interyor o mula sa pamayanang malapit sa karagatan patungo sa pamayanang nasa paanan ng kabundukan dahil sa peligrong dulot ng mga Moro. Kaya naman, isang representasyon ng kalagayang demograpikal ang "Mula Calilaya tungong Tayabas" batay sa heyograpikal na lokasyon nito. Ipinapakita nito ang migrasyon sa paanan ng Bundok Banahaw upang magkaroon ng maayos at ligtas na pamumuhay. Nang inilipat ang

pamayanan sa paanan ng Bundok Banahaw, tumaas ang bilang ng populasyon na nagdulot din ng pagtaas ng pangangailangan ng mga mamamayan nito tulad ng pagkain at hanapbuhay. Naging sentro ng hanapbuhay ng mga pamayanan sa paanan ng Bundok Banahaw ang agrikultura o pagsasaka, at malaking pinagkukunan ng produktong iniluluwas dito ang mga punongkahoy sa kabundukan upang gamitin sa paggawa ng mga barkong pangkalakal at pandigma.

Ang "Mula Calilaya tungong Tayabas" ay tumutukoy sa naratibo ng pagtatatag ng mga bagong bayan dulot ng pagsalakay ng mga Moro. Ipinapakita nito na ginawang tagapagtanggol laban sa Moro ang mga bagong bayang itinatag ng pamahalaang sentral ng Maynila. Kaya naman, mahalaga ang naratibong ito sa kasaysayan sapagkat ipinapakita nito kung paano naging instrumento ang mga Tayabasin ng kolonyalismong Espanyol bilang mandirigma laban sa Moro dahil sa armas at amunisyon na ibinigay sa kanila upang ipagtanggol at gawing ligtas ang mga pamayanang itinayo sa paanan ng Bundok Banahaw.

## PAGLILIPAT NG KABISERA SA PAANAN NG BUNDOK BANAHAW

Hindi pa man nakakarating ang kolonyalismong Espanyol sa Pilipinas noong 1571, kilala na ang Calilaya noong ika-13 dantaon sapagkat dinarayo na ito ng mga mangangalakal na Intsik. Sa katunayan, inilista ito ni Chao Ju-Kua bilang isa sa mga kilalang lugar sa Pilipinas. Nakilala ito bilang Lin-hsin para sa mga mangangalakal na Intsik.[1] Kapansin-pansin na tumigil sa Calilaya ang hukbo ni Juan de Salcedo noong 1571 habang hinahanap nila ang ruta patungong Paracale na pinaniniwalaang may minahan ng ginto. Marahil, nakita ni Juan de Salcedo ang mataas na antas ng pamumuhay ng mga taga-Calilaya sapagkat matagal na itong nakikipagkalakal sa mga Intsik. Ito rin ang naging kaisipan ni Miguel Lopez de Legaspi nang sakupin niya

ang Maynila sa hangarin na gawin itong sentro ng kolonyalismo sapagkat estratehiko ito para sa kalakalan sa mga dayuhang Intsik. Maliban pa rito, magiging madali ang transportasyon ng ginto mula Paracale patungong Maynila kung dadaan ito sa Calilaya.

Sa aklat na may pamagat na *Naraciones Extremeños por Vicente Barrantes, 1873,* binanggit dito na itinatag ang Calilaya noong 1583 at naging kabisera nito ang Tayabas noong 1605.[2] Napilitang ilipat ang kabisera ng Calilaya sa Tayabas dahil sa pagkasira nito noong Pebrero 1604 dulot ng pag-atake ng mga Moro.[3] Hindi magiging matagumpay ang paglalatag ng mga halagahin ng kolonyalismong Espanyol sa Probinsiya ng Tayabas kung mananatiling kabisera nito ang Calilaya na palaging sinasalakay ng mga Moro sa panahong ito. Kaya naman, inilayo ang kabisera sa bahagi ng karagatan para sa pagtatatag ng estadong kolonyal at itinayo ito malapit sa paanan ng Bundok Banahaw. Sa pananaliksik ni Domingo Non sa kanyang artikulong may pamagat na "Moro Piracy during the Spanish Period and Its Impact," binanggit niya ang pagtungo ng mga mamamayan sa interyor na bahagi ng Probinsiya ng Tayabas dulot ng pag-atake ng mga Moro. Ayon kay Non:

> As a consequence of devastating piratical raids, many of the coastal inhabitants who could not bear further incursions moved inland for safety. In the Province of Tayabas, its old capital was transferred inland as a precaution against another attack. And for the same reasons, the towns Sariaya, Cavinte and Tiaong were also relocated inland (Zuniga 1973: 419). Other inland settlements were also founded, and this paved the way for the development of the interior, which was once inhabited by the Negritos and Remontados or Cimarones.[4]

Ginawang proteksiyon ng kabisera ng Tayabas laban sa Moro ang mga bayang nasa bahagi ng Tangway ng Bondoc tulad ng Pitogo, Macalelon, Catanauan, at Mulanay. Bilang proteksiyon sa Moro, nagpagawa ang mga Espanyol sa mga bayang ito ng mga kastilyo o bantayan. Madaling nakakarating sa

bahaging ito ng Probinsiya ng Tayabas ang mga Moro sapagkat malapit ang lokasyon ng Tangway ng Bondoc sa Kabisayaan. Sa bahaging malapit sa Karagatang Pasipiko, naging proteksiyon ng kabisera ng Tayabas ang mga bayan ng Mauban, Atimonan, at Gumaca sa pag-atake ng mga Moro. Patunay muli nito ang pagtatayo ng mga bantayan sa mga nasabing bayan. Ibig sabihin nito, pinalakas ng pamahalaang Espanyol ang mga bayang malapit sa karagatan na nagsilbing proteksiyon ng kabisera sa pagsalakay ng mga Moro. Sa ulat ni Juan Alvarez Guerra sa panahong nakarating siya sa bayan ng Gumaca, napansin niya ang mga estrukturang ito na ipinagawa ng pamahalaang Espanyol para sa pagsalakay ng mga Moro. Ayon kay Alvarez Guerra:

> Gumaca suffered various vicisitudes but this never discouraged the inhabitants—not the plunder by the moro pirates, the destructive fire nor the ravages of pestilence. Expert hands were in charge of the building of the Tribunal building, the forts of San Diego and Santa Maria, the palisaded walls, the spire of the vaulted arch, the great cistern which supplies the town with water; all these works demonstrate the intelligence of the men who erected them. The fort of San Diego must have lent excellent service given the location of Gumaca, which needed an advance sentinel to prevent the surprise attacks that were easy to carry out along those shores, since Gumaca faces the Island of Alabat.[5]

Maliban sa pagtatayo ng mga bantayan, pinayagan din ng pamahalaang Espanyol na bigyan ng armas ang mga pamayanang nagtatanggol laban sa Moro. Kaya naman, inaprubahan ang petisyon ng mga taga-Macalelon na humihiling na pagkalooban sila ng mga armas ng pamahalaang Espanyol noong 1795 para sa pakikipaglaban sa Moro. Ayon sa petisyon, humihingi sila ng mga amunisyon tulad ng (1) *dos cañones se calibre quatro*; (2) *quatro falconetes de calibre dos*; (3) *quatro falconetes de calibre uno;* (4) *doce fuciles, cincuenta balas*

*se calibre dos; (5) cient balas de calibre dos; (6) cient balas se calibre uno;* at (7) *docientas balas de fuciles*.[6]

Masasabing nagtagumpay ang estratehiyang ito ng pamahalaang Espanyol nang gawin nilang tagapagtanggol ang mga bayang malapit sa karagatan laban sa pagsalakay ng mga Moro sapagkat inilatag ang mga halagahin ng estadong kolonyal sa mga bayang malapit sa paanan ng Bundok Banahaw tulad ng Lucban, Saryaya, at Tayabas bilang kabisera nito. Habang nagaganap ang pagtatanggol ng mga katutubong Tayabasin sa pagsalakay ng mga Moro, lumaganap naman ang relihiyong Kristiyanismo sa mga bayang malapit sa Bundok Banahaw.

Masasabing matagumpay ang pagmimisyon ng mga paring Pransiskano sa Probinsiya ng Tayabas simula 1578 hanggang sa pagdatal ng ika-19 na dantaon na makikita sa patuloy na pagtaas ng bilang ng mga mamamayang naging Kristiyano. Direktang pinamunuan at nasa hurisdiksiyon ng diyosesis ng Nueva Caceres ang Probinsiya ng Tayabas. Dumating sina Fray Juan de Plasencia at Fray Diego de Oropesa sa bayan ng Tayabas noong 1578 at sinimulan ang unang bugso ng paghahasik ng pananampalatayang Katolisismo.[7] Matatagpuan ang Tayabas sa baybayin ng dalawang ilog: Ibiang at Alitao. Sa taong 1605, itinayo rin ang simbahang yari sa kawayan at nipa. Ipinangalan ang simbahan sa ilalim ng pagtataguyod sa sakripisyo at pakikipaglaban ng mga kasamahang anghel ni San Miguel Arkanghel laban sa mga demonyo ng kabundukan.[8]

Napakasimboliko ng pagpapangalan sa simbahan kay San Miguel Arkanghel na tumulong sa mga kasamahan niyang anghel upang labanan at talunin si Lucifer bilang pinuno ng mga demonyo. Bahagi ng pagmimisyon ng mga prayle ang gawing sibilisado ang mga katutubo at ilayo sa kanilang sinaunang paniniwala. Ito rin ang naging direksiyon ng naratibo ng pagliligtas sa Probinsiya ng Tayabas nang gawing patrón si San Miguel Arkanghel ng bayan ng Tayabas na matatagpuan sa paanan ng Bundok ng Banahaw kung saan nagpapatuloy

naman ang katutubong paniniwala ng pagsamba sa diwata. Ipinasok sa kamalayan ng mga Tayabasin ang kapangyarihan ng imahen ni San Miguel Arkanghel na may hawak na espada habang nakikipaglaban kay Lucifer. Sa imaheng ito, inukit ng mga Pransiskanong pari sa kamalayan ng mga Tayabasin ang pagwawagi ng mabuti sa kasamaan. Ipinaramdam ng mga misyonerong pari ang bisa ng naratibong ito sa kamalayan ng mga Tayabasin bilang manipestasyon na makapangyarihan at malakas ang relihiyong Kristiyanismo kaysa paniniwala ng mga naninirahan sa Bundok ng Banahaw.

Epektibo ang pamamaraang ito ng mga Pransiskanong pari sa pagsisimula ng kanilang pagmimisyon sa Probinsiya ng Tayabas—ang paggamit sa imahen ni San Miguel Arkanghel bilang makapangyarihan na kayang talunin ang kampon ni Satanas. Itinayo ang simbahan ng Tayabas noong 1856 na itinuturing bilang isa sa pinakamagandang simbahan sa Pilipinas. Maliban sa simbahan na ito, nagpatayo rin ang mga paring Pransiskano ng mga kapilya sa karangalan naman nina San Diego Alcala at Nuestra Señora de las Angustias. Itinayo ang dalawang kapilyang ito sa loob mismo ng población ng bayan ng Tayabas. Sa panahong ito, iniba ng mga paring Pransiskano ang naratibo ng pagliligtas na nakatuon sa paglalapat at paglalapit ng relihiyong Kristiyanismo sa kaugalian ng mga katutubo. Dalawang magkaibang proseso ang paglalapat at paglalapit na ito na isinagawa ng mga misyonerong pari sa Probinsiya ng Tayabas.[9]

Sa proseso ng paglalapat, ginamit ng mga prayle ang ritwal ng simbahan para himukin ang mga Tayabasin na mayroong pagkakapareho ang sinaunang paniniwala at ang Kristiyanismo. Higit pa sa gawaing ito, kailangang ilapit ng simbahang Katoliko ang kanilang sarili sa mga Tayabasin. Hindi naiwasan na mapalapit ang mga mananampalataya kay San Miguel Arkanghel sapagkat ipinapakita sa naratibo ang kanyang pagiging makapangyarihan. Sa paglalapit na ito, naging mabisang instrumento ang imahen at istorya ni San Diego de Alcala para sa

mga Tayabasin bilang tumutugon sa dasal at kahilingan ng mga mananampalataya. Kaya nga, kapansin-pansin sa ulat ni Huerta na napakalakas ng debosyong ipinapakita ng mga Tayabasin sa imahen ni San Diego de Alcala kung ikukumpara sa pagdakila nila kay San Miguel Arkanghel.[10]

Sa naratibo ng pagmimisyon ng mga paring Pransiskano sa Probinsiya ng Tayabas, tatlong proseso o pamamaraan ang isinagawa upang maging matagumpay ang pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyanismo: (1) pagpipilit, (2) paglalapat, at (3) paglalapit. Naging katuwang ng simbahan ang mga hinubog nilang Kristiyano upang labanan ang pag-atake ng mga Moro sa Probinsiya noong ika-18 dantaon. Naging matatag ang relasyon/ugnayan na ito ng simbahan/estado at indio sa pagdaan ng mga taon hanggang sa pagsapit ng ika-19 na dantaon.

## DEMOGRAPIYA AT EKONOMIYA SA PAGTATAPOS NG PAGSALAKAY NG MGA MORO

Sa kaso ng Probinsiya ng Tayabas, naharap ito sa matinding suliranin noong ika-18 dantaon sapagkat tumaas ang insidente ng pananalakay ng mga Moro sa mga bayang malapit sa karagatan nito kung kaya't marami sa kanyang mamamayan ang tumungo sa mga bayang malapit sa paanan ng Bundok Banahaw. Kung susuriin ang demograpiya ng Probinsiya ng Tayabas, mas mataas ang bilang ng populasyon sa mga bayang malapit sa kabisera nito kung ikukumpara sa mga bayang ginawang tagapagbantay laban sa Moro. Sa aklat ni Juan Álvarez Guerra na *From Manila to Tayabas*, iniulat niya na ang pinakalumang sensus para sa Probinsiya ng Tayabas ay naganap noong 1754 sa panahon ni Gobernador Rodriguez Morales. May kabuuang bilang ito na 21,476 mamamayan sa 16 na bayan, kabilang ang mga bayan ng Polillo, Baler, Casiguran, at Binangonan.[11] Napakababa ng bilang ng populasyon ng Probinsiya ng Tayabas sa panahong ito sapagkat nakakaranas ito ng matinding suliranin mula sa pag-

atake ng mga Moro. Maaaring sabihing nakatawid ang Probinsiya ng Tayabas sa problema at peligro ng pag-atake ng mga Moro sa unang dekada ng ika-19 na dantaon, partikular sa taong 1818 sapagkat tumaas ang populasyon at *tributo* ng probinsiya mula sa 19 na yunit politikal. Hindi na kasama ang mga bayan ng Baler, Casiguran, at Binangonan sa Probinsiya ng Tayabas sapagkat naging bahagi na ito ng Nueva Ecija. Ibig sabihin, nadagdagan ng 6 na bayan ang Probinsiya ng Tayabas batay sa ulat noong 1818.

May nakolektang 22,179 tributo mula sa mga indio at mestizo noong 1818 samantalang umaabot naman ang populasyon nito sa 48,676. Sa taong ito, naranasan ang migrasyon ng mga dayuhang Espanyol na umaabot ang bilang sa 24 na matatagpuan sa bayan ng Tayabas at Mauban. Mataas ang populasyon ng mga bayang nasa erya ng Bundok Banahaw tulad ng Tayabas at Lucban sapagkat naprotektahan ang mga bayang ito sa pananalakay ng mga Moro. Higit na mababa pa rin ang bilang ng populasyon sa mga bayang nasa erya ng Tangway ng Bondoc dulot ng pag-atake ng mga Moro. Unti-unti namang nakabawi ang mga bayan ng Gumaca, Atimonan, at Mauban sa peligro ng mga Moro sa taong ito sapagkat nakitaan nang bahagyang pagtaas ng populasyon at migrasyon ng mga dayuhang Intsik at Espanyol sa mga bayang nabanggit. Kung titingnan ang mga sumunod na ulat pagkatapos ng taong 1818, makikita ang patuloy na pagtaas ng populasyon sa Probinsiya ng Tayabas. Sa ulat ni Alvarez Guerra, may bilang na 59,433 mamamayan noong 1831. Tumaas muli ang populasyon nito noong 1836 na may kabuuang bilang na 70,555 mamamayan.[12] Muling tumaas ang populasyon ng Probinsiya ng Tayabas noong 1841 na umabot ang bilang ng mamamayan sa 82,619 para sa 17 bayan.[13] Hindi nagkakalayo ang ulat nina Manuel Buzeta at Alfredo Bravo (1850) sa populasyon ng Probinsiya ng Tayabas noong 1845 na may bilang na 80,110 para sa 16 na bayan.[14]

Kung susuriin ang galaw ng populasyon sa Probinsiya ng Tayabas batay sa datos, masasabing mabilis ang pagtaas ng bilang

ng mamamayan nito sa pagpasok ng ika-19 na dantaon dulot ng dalawang mahalagang pangyayari sa kasaysayan: (1) pagtatapos ng matagalang pananalakay ng mga Moro sa bahagi ng karagatan nito na nagresulta sa pagtatatag ng mga bagong bayan at (2) pag-unlad ng kalakalang lokal batay sa produksiyon ng palay. Ang pagdami ng bilang ng mga mamamayan ay nagresulta rin sa pagtaas ng produksiyon ng agrikultura na pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay. Nakadepende ang pag-unlad ng ekonomiya sa laki ng populasyon nito sapagkat nakatuon ang hanapbuhay ng marami sa pagsasaka o pagtatanim. Napansin din ito ni Alvarez Guerra:

> The increase in the population of this province has been really astonishing. Within a century the number of inhabitants multiplied five times. The population of the capital at present is greater than that of the entire province in the year 1754. If the increase in population has been great, the development of its products and wealth has not been any less, and that demarcation represents a true and legitimate hope, not only because of what it produces, but also because of what it is called on to produce.[15]

Sa ulat noong 1818, apat na produkto ang ikinakalakal ng Probinsiya ng Tayabas sa Maynila (cacao, balate, brea, at tapa).[16] Ipinapakita nito na sinubukan din ng Probinsiya ng Tayabas na magtanim ng mga produkto na maaaring ikalakal sa Maynila. Sa panahong ito, may bahagyang pagbabago sa direksyon ng agrikultura tungo sa pagtatanim ng mga produkto na may potensiyal para sa kalakalan. Ayon sa pag-aaral ni Onofre D. Corpuz, "The decision to plant new crops were made in the pueblos. During this phase cash agriculture was concentrated in Luzon, chiefly in the provinces reached by government decrees and proclamations and where the Compañia was active."[17]

Ayon pa kay Corpuz, ang transportasyon ng mga produkto patungo sa Maynila ay nagagawa sa pamamagitan ng paggamit

ng mga ruta sa dagat at ilog sa kadahilanang hindi maayos ang daan at imprastraktura kung maglalakbay gamit ang kalupaan. Naging daan ito upang magkaroon ng maliliit na daungan ang bawat probinsiya sa Pilipinas sa panahong ito.[18] Ayon sa ulat ng Comision Central de Estadistica de Filipinas, anim na bayan ang ginawang daungan (puertos) para sa kalakalan—Tayabas, Mulanay, Pitogo, Macalelon, Lucban, at Catanauan—kung saan nangyayari ang pag-aangkat (importasyon) at pagluluwas (eksportasyon) ng mga produkto.[19] Malaking bahagi ng produksiyong iniluluwas ang nagmumula sa punongkahoy (maderas) upang gawing materyales sa paggawa ng mga bangka na ginagamit naman para sa kalakalan (coasting trade). Sa katunayan, umaabot sa halagang 37,933 piso ang kinikita ng Probinsiya ng Tayabas para sa produksiyon nito ng tabla (maderas).

Sa ulat nina Cavada at Vigo, ang sukat na 33,807 ektarya ng Probinsiya ng Tayabas ay tinataniman ng mga produktong tulad ng abaca, palay, cacao, at kape. Ang produksiyon ng abaca na 1,762 picos ay may halaga na 9,594 piso samantalang nagkakahalaga ng 6,926 piso ang kinikita para sa produksiyon ng kape. Idinulot ng ganitong direksiyon sa agrikultura ang paggamit ng lupa para sa pagtatanim ng ibang produkto. Nagresulta rin ito sa pagtaas ng mga mamamayang nagkaroon ng trabaho na umaabot ang bilang sa 24,498.[20] Kapuna-puna pa rin sa panahong ito ang migrasyon o pandarayuhan sa ibang probinsiya upang maghanap ng trabaho. Bilang patunay, may 99 na mamamayan mula sa Probinsiya ng Tayabas ang pumunta sa Binondo na itinuturing bilang progresibong bayan. Sa deskripsiyon ni Corpuz, “Binondo was the most industrialized town. The buildings and factory of tobacco monopoly were here.”[21]

Kumikita ang Probinsiya ng Tayabas sa industriya ng paggawa ng langis, banig (esteras), at pitaka (petacas) na umaabot ang halaga kada taon sa 41,524 piso. Iniulat nina Buzeta at Bravo na may mga puno ng niyog sa kabundukan na maaaring gawing

alak at langis.[22] Higit na mararamdaman ang pagtaas ng kita ng Probinsiya ng Tayabas sa produksiyon ng kopra sa pamahalaang Amerikano. Gayundin naman, nagmumula sa puno ng buri ang ginagamit na materyales para sa paglalala ng mga banig at pitaka. Pinatutunayan nito na ang industriya sa buri ay isang matagal nang hanapbuhay sa probinsiya, at maging sa kasalukuyang panahon ay nagpapatuloy pa rin ito sa mga bayan ng Tayabas, Lucban, Sampaloc, at Mauban. Ayon kay Alvarez Guerra, ang industriya ng paggawa ng sombrero mula sa buri na nanggaling sa bayan ng Lucban ay tinatangkilik sa Maynila, Espanya, at ibang bansa. Karamihan sa mga produkto na yari sa buri mula sa bayan ng Lucban ay itinampok sa Philadelphia Exposition at nakakuha ng kontrata mula sa dayuhang kumpanya na Guichard and Co. para sa pagluluwas ng produktong buri sa ibang bansa.[23]

Maliban sa iba't ibang uri ng punongkahoy na matatagpuan sa kabundukang bahagi ng Probinsiya ng Tayabas, maraming uri ng hayop na makikita rito tulad ng baka (*vacas*) at kabayo (*caballo*). Sa katunayan, isang produkto na dinadala sa Maynila ang tapa (dried-meat) noong 1818. Kung ikukumpara ang halaga ng agrikultura sa *ganadería* (livestock), higit na mataas ito na may halaga na 692,748 piso para sa 55,404 na bilang ng hayop tulad ng kabayo, baka, at kalabaw.[24]

Hindi progresibo ang Probinsiya ng Tayabas sa panahon ng pamahalaang Espanyol sapagkat maliit lamang ang sukat ng erya nito na nagagamit para sa agrikultura. Nakaapekto sa kondisyong pang-ekonomiya ng probinsiya ang heograpiya/lokasyon sapagkat malaking bahagi ng erya nito ang hindi maaaring gamitin para sa agrikultura. Bunsod ito ng pagtatayo ng pamayanan sa Bundok Banahaw dahil sa pagsalakay ng mga Moro. Sa kadahilanang ito, kakaunti lamang ang napapabilang sa uri ng pagiging *elite* o yaong nagmamay-ari ng malalawak na lupain. Ayon kay Michael Cullinane, malaki ang epekto ng heograpiya para sa kalagayang pang-ekonomiya ng Probinsiya ng Tayabas. Dagdag pa ni Cullinane:

> Most of the agricultural products of Tayabas were consumed within the province and very few found their way to markets outside. The scarcity of arable land on the one hand, and the abundance of mediocre land on the other, may explain the small number of large landholdings (fewer than sixty-one farms over 100 hectares in 1903), the high-percentage of small owner-operated farms (81 percent less than five hectares), and the relatively small percentage of tenancy (9 percent of the farms and 28 percent of the arable land).[25]

Sa sensus noong 1885, mas detalyado ang mga datos na inilagay sapagkat tinukoy na rito ang bilang ng mga mamamayang 18 taong gulang pababa gayundin ang mga nagbabayad ng *cédula personal*. Sapagkat ang sensus ay isinagawa para sa Arzobispo ng Maynila, isinama rito ang mga datos para sa bilang ng *bautismos*, *casamientos*, at *defunciónes*. Higit na lumaki ang yunit politikal na sakop ng Probinsiya ng Tayabas sapagkat bumibilang na ito sa 20 bayan dulot ng pagtaas ng populasyon. Sa pagtatatag ng mga bagong bayan dahil sa paglaki ng populasyon, nabigyan ng oportunidad ang ilang mamamayan para sa posisyon sa pamahalaan tulad ng pagiging *gobernadorcillos*, *tenientes*, *alguaciles*, at *cabezas de barangay*. Ibig sabihin, pinalawak nito ang hurisdiksiyong politikal sa Probinsiya ng Tayabas para sa pakikiisa ng mga elite sa prosesong elektoral na itinuturing ng pamahalaang Espanyol bilang mahalagang okasyon kung kailan itinatanghal ang kapangyarihan ng mga opisyal sa lokal na pamamahala.

## PAGTATATAG NG MGA BAGONG BAYAN

Pinaniniwalaang epekto ng pagsalakay ng mga Moro sa Pilipinas ang pagkasira ng mga pamayanang malapit sa karagatang bahagi nito (coastal). Lumipat ang karamihang

mamamayang naapektuhan ng suliraning ito sa interyor na lokasyon kung saan magiging ligtas sila sa peligrong dulot ng mga Moro. May ilang bayang nanatili sa kanilang nakagisnang pamayanan malapit sa karagatan at ginawa silang tagapagbantay ng pamahalaang Espanyol sa pag-atake ng mga Moro. Binigyan ang mga pamayanang ito ng amunisyon at armas para labanan ang mga Moro samantalang ang ilang bayan naman ay pinahintulutan na makapagtayo ng mga bantayan. Ganito rin ang naging karanasan sa Probinsiya ng Tayabas hinggil sa pagtatatag ng mga bagong bayan bilang epekto ng suliraning dulot ng pananalakay ng mga Moro. Sa kumprehensibong pag-aaral ni Dery patungkol sa epekto ng pagsalakay ng mga Moro, binanggit niyang dahilan ng pagtatatag ng mga bagong bayan ang pagpapatupad ng mga sistema ng estadong kolonyal tulad ng pangongolekta ng buwis at ang patuloy na gawaing pangmisyon ng relihiyong Kristiyanismo. Ayon kay Dery:

> Moro Attacks forced the coastal inhabitants to evacuate to the safety of the interior and brought the decline or death of many coastal towns. On the other hand, Moro attacks also caused the rise or establishment of new towns in the interior, especially in places where the displaced coastal inhabitants resettled. The need to collect tributes and provide religious services to these displaced inhabitants influenced the colonial authorities to reorganize them.[26]

Nang inilipat ang kabisera ng Probinsiya ng Tayabas patungo sa paanan ng Bundok Banahaw, ang dating kabisera nito na Calilaya ay naging bahagi naman ng bayan ng Pitogo bilang *visita*. Ibig sabihin nito, lumiit ang bilang ng populasyon ng Calilaya na nagresulta rin sa pagbaba ng koleksiyon ng tributo kung kaya't napilitang gawin na lamang ito bilang isang visita. Ang ganitong kalagayan ng Calilaya ay epekto pa rin ng pananalakay ng mga Moro sa nasabing lugar. Bilang tugon ng pamahalaang Espanyol, napilitang pagsama-samahin sa iisang

yunit politikal ang mga bayang naapektuhan ng paglusob ng mga Moro. Ganito ang nangyari sa Calilaya nang maging bahagi ito ng bayan ng Pitogo bilang estratehikong lugar para sa pagtatanggol laban sa pagsalakay ng mga Moro. Muling ibinalik sa pagiging bayan ang Calilaya noong ika-19 na dantaon dahil sa pagtaas ng populasyon at koleksiyon ng tributo nito. Pinangalanan itong Unisan nang ipinagkaloob ng pamahalaang Espanyol ang pagsasarili nito upang maging isang *pueblo* noong 1876.[27]

Kung ang Calilaya ay ginawang visita ng pamahalaang Espanyol, naiiba rito ang karanasan ng bayan ng Macalelon sapagkat kahit maliit ang koleksiyon ng tributo gayundin ang bilang ng populasyon, ipinagkaloob dito ang petisyon ng *principales* para sa pagsasarili at paghiwalay sa bayan ng Gumaca dahil sa espesyal na gampanin nito bilang tagapagtanggol laban sa pagsalakay ng mga Moro. Bago sumapit ang dekada 1790, ang Macalelon ay bahagi ng bayan ng Gumaca. Nag-umpisa ang pagkilos para sa pagsasarili ng mga taga-Macalelon noong 26 Marso 1791 nang sumulat sila ng petisyon upang ipabatid sa otoridad ng simbahan at pamahalaan ang kanilang pagnanais na maging pueblo. Bilang *cabeza de barangay* at *teniente actual,* pinangunahan ni Don Domingo de la Cruz ang pagkilos para sa paghiwalay ng Macalelon sa bayan ng Gumaca samantalang si Don Pedro Licup naman ang naging *notario mayor* na sumulat ng petisyon para sa mga taga-Macalelon.[28]

Ipinabatid nina Don Domingo de la Cruz at ng principales ang kanilang pagsasarili kay Fray Juan Antonio de Rillo, kura paroko ng San Diego de Alcala. Ang nilalaman ng petisyon ay ang pagsusumamo ng mga taga-Macalelon kay Obispo Domingo Collantes ng Diyosesis ng Nueva Caceres upang pagkalooban sila ng sariling kura paroko. Nabanggit nila sa sulat para kay Obispo Domingo Collantes na pagkalooban sila ng pari na mangangalaga sa kanilang kaluluwa at katawan. Nangako ang mga taga-Macalelon na ang ibibigay na pari ay kanilang aalagaan, pakakainin, at bibigyan ng kasangkapan

sa abot ng kanilang kakayanan. Humiling sila na pagkalooban ng kura paroko sapagkat may ilang kaso ng mga namatay na hindi nakatanggap ng Sakramento ng Pagpapahid ng Langis dahil sa may kalayuan ang Macalelon sa bayan ng Gumaca. Sa katunayan, binanggit nila sa kanilang petisyon na mahigit siyam na oras ang paglalakbay sa matuling paglakad para makarating sa Gumaca. Maliban pa rito, isinama sa petisyong ginawa ni Don Pedro Licup ang mahalagang papel ng mga taga-Macalelon para sa pagtatanggol ng kanilang nayon sa pananalakay ng mga Moro. Isinaad nila sa petisyon na ang pagpahintulot sa kanila ng bayan ng Gumaca na tumira at makapagtatag ng pamayanan sa Macalelon ay katibayan na ginawa silang tagapagtanggol laban sa Moro. Ang daing ng mga taga-Macalelon para sa paghiwalay nito sa bayan ng Gumaca ay pinatunayan ni Don Juan Mariano, *capitan actual* ng bayan ng Gumaca:

> Sapagkat aming kaginhawahan at katibayan ng mga kabukiran (Macalelon) nitong bayan ng Gumaca sapagkat nang mapalagay sila sa Macalelon ay napigilan nila ang mga Moro upang makarating sa kanayunan nitong bayan. Kaya sila ay kaawaang dinggin ng mga mahal na tainga at tulungan kung magigindapat.[29]

Nang pinayagan ni Obispo Domingo Collantes ang kahilingan ng mga taga-Macalelon na makapagtayo ng bayan at simbahan, sina Don Domingo de la Cruz at ang kanyang mga kasamang principales ay dumulog naman sa hukom ng Probinsiya ng Tayabas para ipabatid ang kanilang kahilingan sa Superior Govierno. Dahil sa kalayuan ng Macalelon sa Maynila, kanilang hiniling na sina Don Salvador Thorivio at Don Juan Garcia ang makipag-ugnayan sa Superior Govierno. Pagkalipas ng isang taon, pinayagan ni Gobernador-Heneral Felix Berenguer Marquina na maging bayan ang Macalelon noong 21 Abril 1792.[30]

Natutulad sa proseso ng pagtatatag sa bayan ng Macalelon ang karanasan ng Catanauan na dating baryo ng Mulanay at naging tagapagtanggol laban sa pagsalakay ng mga Moro. Nagpatayo dito ng mga bantayan para madaling makita ang mga paparating na Moro lulan ng kanilang sasakyang pandagat. Sa ganitong pamamaraan, mabilis silang nakakatago sa mga ligtas na lugar upang iwasan ang peligrong dulot ng mga Moro. Kaya nga, pinaniniwalaan ng mga taga-Catanauan na ang pangalan ng kanilang bayan ay nanggaling sa salitang "tanawan" na tumutukoy sa pagbabantay/pagtatanaw sa paparating na Moro mula sa itaas ng kastilyo. Ipinagkaloob sa Catanauan ang pagsasarili at paghiwalay nito sa bayan ng Mulanay noong 1771.[31]

Sa aklat ni Luis C. Dery na *The Kris in Philippine History: A Study of the Impact of Moro Anti-Colonial Resistance, 1571–1896*, binanggit niya na lubhang nakaranas ng pag-atake ng mga Moro ang Probinsiya ng Tayabas kung kaya't napilitan ang mga mamamayan nito na humanap ng pamayanan sa interyor. Sa kaso ng Pagbilao, ayon kay Dery: "The Franciscan friars found numerous inhabitants from other towns who congregated at encenada de Capuluan, near Rio de Pagbilao. They organized these displaced inhabitants on or about 1729, and formed the town of Pagbilao."[32]

Ganito rin ang nangyari sa pagbibigay ng pahintulot sa baryo ng Talolong sa bayan ng Gumaca upang maging visita. Dahil sa pag-iwas sa peligrong dulot ng pagsalakay ng mga Moro, iniwan ng ilang mamamayan mula sa bayan ng Gumaca ang kanilang pamayanan malapit sa karagatan at tumungo papuntang ilaya upang doon magtayo ng panibagong pamayanang ligtas laban sa Moro. Kalaunan, ginawa ring bayan ang visita ng Talolong noong 1857 dahil natugunan nito ang *requisitos* para sa pagtatatag ng pueblo alinsunod sa itinatakda ng batas ng pamahalaang Espanyol. Dagdag pa rito, naging mataas ang antas ng pamumuhay nila dahil naging ligtas at maayos ang kanilang

pamayanan dulot na rin ng pagtatapos ng suliranin ng estadong kolonyal hinggil sa pagsalakay ng mga Moro.[33]

Ginawang tagapagtanggol ng kabisera ng Tayabas sa pagsalakay ng mga Moro ang baryo ng Cotta (kasalukuyang barangay sa Lungsod ng Lucena). Sa pagbisita rito ni Juan Alvarez Guerra, napansin niya ang ilang sirang estrukturang ginamit para maging tanggulan laban sa Moro. Ayon kay Alvarez Guerra, "The blackish ruins of the bastion of Cota, and its inutile cannon, clearly demonstrate that the incendiary factions of moro or Moorish piracy had passed through that place."[34] Maliban sa mahalagang ginampanan ng Cotta para sa kabisera ng Tayabas, maaaninag dito ang natural na kagandahan na napapaligiran ng dalawang ilog. Hindi rin napigilan ni Alvarez Guerra ang naramdaman niyang paghanga rito habang naglalakbay patungo sa kabisera ng Tayabas. Binanggit din ni Alvarez Guerra na magiging isang progresibong bayan ito sa hinaharap dahil sa kanyang magandang kapaligiran na pinagkukunan ng hanapbuhay ng kanyang mamamayan. Hindi nagkamali si Alvarez Guerra sa kanyang tinuran sapagkat ibinigay ng pamahalaang Espanyol ang paghiwalay nito sa kabisera ng Probinsiya ng Tayabas noong 1879 dahil sa ginawang petisyon ng principales nito. Dahil sa kagandahang taglay ng lugar, ibinigay na pangalan dito ang salitang Espanyol na Buenavista subalit, kalaunan ay pinalitan din ito ng pangalang Lucena, bilang pagkilala sa bayang pinagmulan ni Padre Mariano Granja.[35]

## KONKLUSYON

Sa pag-aaral na ito, inugat ang epekto ng pagsalakay ng mga Moro sa kasaysayan ng Probinsiya ng Tayabas na hinati sa tatlong pangyayari: (1) paglilipat ng kabisera, (2) kalagayang demograpikal, at (3) pagtatatag ng mga bagong bayan. Ginamit bilang naratibong pangkasaysayan ang heyograpikal na lokasyon nito na tumutukoy sa ugnayan ng eksteryor (Calilaya) at interyor

(Tayabas) na bahagi ng Probinsiya ng Tayabas. Isinalaysay sa ugnayang ito ang ginampanan ng mga pamayanang malapit sa karagatan bilang tagapagtanggol sa panganib na dulot ng mga Moro samantalang nasaksihan naman ang mga pagbabagong demograpikal at kultural sa pamayanang itinatag sa interyor nito. Inilipat ang kabisera ng probinsiya sa Tayabas malapit sa paanan ng Bundok Banahaw para maisakatuparan ng pamahalaang Espanyol ang paglalatag ng mga halagahin ng estadong kolonyal. Ginawang tagapagtanggol ang mga bayang malapit sa karagatan at iniwang bakas ng kasaysayan dito ang mga bantayang itinayo bilang tanggulan laban sa Moro. Kaya naman, sinasalamin ng mga estrukturang ito ang matagal na pakikipaglaban ng mga Tayabasin sa Moro.

Gamit ang naratibong "Mula Calilaya tungong Tayabas," ipinakita sa pag-aaral ang pagtungo ng mga Tayabasin sa interyor na bahagi ng Probinsiya ng Tayabas, partikular malapit sa Bundok Banahaw, upang iwasan ang peligrong dulot ng pagsalakay ng mga Moro. Kaya nga, masasabing naging kanlungan ng mga Tayabasin ang Bundok Banahaw kung saan ito rin ang naging sentro ng kanilang hanapbuhay dahil sa iba't ibang uri ng punongkahoy at hayop na matatagpuan dito. Pinanatiling malakas ang eksteryor na bahagi ng Probinsiya ng Tayabas sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng pamahalaang Espanyol na bigyan sila ng armas at amunisyon para sa pakikipaglaban sa Moro. Bilang gantimpala ng pamahalaang Espanyol sa pamayanang nakikipaglaban sa Moro, ipinagkaloob sa kanila ang estado ng pagiging bayan/pueblo. Malaking epekto ng pananalakay ng mga Moro sa Probinsiya ng Tayabas ang pagtatatag ng mga bagong bayan—ibig sabihin, bentahe ito para sa pamahalaang Espanyol upang maging maayos ang pagpapatupad ng mga sistema ng estadong kolonyal. Sa kabilang banda naman, binigyan nito ng pagkakataon ang mga Tayabasin na maging pinuno/opisyal ng mga bayang itinatag dulot ng pagsalakay ng mga Moro.

## MGA TALA

1 Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, eds., *The Philippine Islands* (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903–1909), tomo 1., blg. 34, 186.

2 Vicente Barrantes, *Naraciones Extremeños*, 1873. 213.

3 Luis Camara Dery, *The Kris in Philippine History: A Study of the Impact of Moro Anti-Colonial Resistance*, 1571–1896 (Quezon City, 1997), 16.

4 Domingo Non, "Moro Piracy during the Spanish Period and Its Impact," *Southeast Asian Studies* 30, no. 4 (March 1993): 417.

5 Juan Alvarez Guerra, *From Manila to Tayabas* (Manila: National Historical Institure, 2009), 103.

6 *Ereccion de Pueblos: Tayabas 1790–1857*.

7 Felix Huerta, *Estado geográfico, topográfico, estadística, histórico religioso de la Santa y Apostolica Provincia de S. Gregorio Magno, de religiosos menores descalzos de la regular y más estrecha observancia de N. S. P.S. Francisco de las Islas Filipinas*, 224.

8 Vicente Barrantes, *Naraciones extremeños*, 1873, 213.

9 Huerta, *Estado geográfico, topográfico, estadística, histórico*, 227.

10 Ibid., 224.

11 Guerra, *From Manila to Tayabas*, 127–28.

12 Ibid., 128.

13 Joaquin Aguirre at Juan Manuel Montalban, *Recopilación compendiada de las leyes de Indias aumentada con algunas notas que no se hallan en la edición de 1841 y con todas las disposiciones dictadas posteriormente para los dominios de Ultramar* (Madrid Librería de Ignacio Boix, 1846), 288.

14 Manuel Buzeta at Felipe Bravo, *Diccionario, Geográfico, Estadístico, Histórico de las Filipinas*, 449.

15 Guerra, *From Manila to Tayabas*, 129.

16 *Estado que manifestan la importación y exportación de esta ciudad en todo el año 1819*.

17 Onofre D. Corpuz, *An Economic History of the Philippines* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1997), 106.

18 Ibid., 127.

19 *Comisión Central de Estadística de Filipinas* ([S.l.] [s.n.] Manila Imp. del Boletin Oficial, 1855), 17.

20 Agustin de la Cavada at Mendez de Vigo, *Historia, geografica, geologica, y estadistica de Filipinas*, 205.

21 Corpuz, *An Economic History of the Philippines*, 125.

22 Buzeta at Bravo, *Diccionario, geográfico, estadístico, histórico de las Filipinas*, 449.

23 Guerra, *From Manila to Tayabas*, 21.

24 de la Cavada at de Vigo, *Historia, geografica, geologica, y estadistica de Filipinas*, 205.

25 Michael Cullinane, *Ilustrado Politics: Filipino American Elite Responses to American Rule, 1898–1908* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2003), 177.

26 Dery, *The Kris in Philippine History*, 69.

27 Historical Data Papers, *History and Cultural Life of Unisan*, 3–4.

28 *Ereccion de pueblos: Tayabas (1768–1892). Expediente instruido por los naturales del sitio de Macalelong de pidiendo se les erija? en pueblo independiente del de Gumaca.*

29 *Ereccion de pueblos: Tayabas (1768–1892*).

30 *Superiores Providencias. 1790–1794. Superior decreto en que se aprobo y mando erigir en Pueblo absolutamente independiente de otro el sitio de Macalelong termino de pueblo de Gumaca de la Provincia de Tayabas. Malabon, 21 de Abril de 1792*.

31 Historical Data Papers, *History and Cultural Life of Catanuan*, 6.

32 Dery, *The Kris in Philippine History*, 71–72.

33 Ibid.

34 Guerra, *From Manila to Tayabas*, 71.

35 Historical Data Papers, *History and Cultural Life of Lucena*, 3.

## TALASANGGUNIAN

### Primaryang Sanggunian

*Erección de Pueblos: Tayabas*

*Erección de pueblos: Tayabas (1768–1892). Expediente instruido pos los naturales del sitio de Macalelong de pidiendo se les erija? En pueblo independiente del de Gumaca.*

*Erección de pueblos: Tayabas (1790–1857). Expediente sobre libramiento de armas para los pobladores del Nuevo pueblo de Macalelong, provincial de Tayabas. Manila, 19 enero de 1795.*

*Erección de pueblos: Tayabas (1768–1892). Expediente instruido por los naturales del sitio de Macalelong de pidiendo se les erija? En pueblo independiente del de Gumaca.*

*Erección de pueblos: Tayabas (1768–1892). Expediente promovido por los principales del pueblo de Macalelon, provincial de Tayabas, solicitando*

*se les conceda la Erección de dicho pueblo en parroquia independiente de su matriz Pitogo. Desestimada esta solicitud por superior decreto de 19 de Octubre 1872, dicho pueblo es creado en parroquia por real orden de 6 Julio de 1878.*

*Erección de pueblos: Tayabas, 1755–1896. Expediente promovido por los principales y vecinos de la visita de Sampaloc del pueblo de Lucban en Tayabas, pidiente se erija esta en pueblo independiente civil y espiritualmente de su matriz con los barrios de Banot, Bilucao y San Bueno compresión del pueblo de Mauban por las razones que espresan. Tayabas, 7 de Febrero de 1885.*

## Aklat

Aguirre, Joaquin, at Juan Manuel Montalban. *Recopilación compendiada de las leyes de Indias aumentada con algunas notas que no se hallan en la edición de 1841 y con todas las disposiciones dictadas posteriormente para los dominios de Ultramar.* Madrid Librería de Ignacio Boix, 1846.

Baranera, Francisco X. *Compendio de geografía de las islas Filipinas, Marianas y Jolo.* Manila: Establecimiento Tipografía de Ramírez y Giraudier, 1880.

Barrantes, Vicente. *Naraciones extremeños.* 1873.

Blair, Emma Helen, at James Alexander Robertson, eds. *The Philippine Islands.* Vol. 1. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903–1909.

Buzeta, Manuel, at Felipe Bravo. *Diccionario, geográfico, estadístico, histórico de las Filipinas.* Madrid, 1850. Tomo 1.

*Censo de poblacion de las Islas Filipinas perteneciente al año de 1876 formado por el M.R. Arzobispo de Manila.* [S.l.] [s.n.] Manila Estab. tip. del Real Colegio de Sto. Tomás, a cargo de Gervasio Memije, 1878.

Comisión Central de Estadística de Filipinas. [S.l.] [s.n.] Manila Imp. del Boletin Oficial, 1855.

Comyn, Tomas de. *Estado de las islas Filipinas en 1810 brevemente descrito por Tomas Comyn*. Madrid Imprenta de Repullés, 1820.

de la Cavada, Agustin, at Mendez de Vigo. *Historia, geografica, geologica, y estadistica de Filipinas*. Manila: Imprenta de Ramirez y Girauder, 1876. Tomo 1–2.

*Estado de la población de Filipinas correspondientes a el año de 1818 (Texto Impreso) lo da al público el Excmo. Ayuntamiento del M. N. y L. Ciudad de Manila*

*Estado general de las religiosas y religiosos existentes en los diversos conventos, Hospitales, enfermerías, parroquias, misiones y demas casas que la provincia de S. Gregorio Magno de PP. Franciscanos descalzos tiene establecidas en estas y en España. 1883.*

*Estado general de los pueblos del arzobispado de Manila y de los obispados sufragáneos de Nueva Caceres, Nueva Segovia, Cebu y Jaro, con expresionde los nombres de sus curas párrocos, total de almas, numero de contribuyentes bautismos, casamientos y defunciones en el año de 1885 formado por el Arzobispo de Manila. 1886.*

*Estado que manifestan la importación y exportación de esta Ciudad en todo el año 1819.*

Guerra, Juan Alvarez. *From Manila to Tayabas*. Manila, Philippines: National Historical Institute, 2009.

Huerta, Felix. *Estado geográfico, topográfico, estadística, histórico religioso de la santa y apostolica provincia de S. Gregorio Magno, de religiosos menores descalzos de la regular y más estrecha observancia de N. S. P.S. Francisco de las Islas Filipinas.* [S.l.] [s.n.] Binondo, [Filipinas] Imp. M. Sánchez y Cia., 1865.

*La población de Filipinas: censo general … resumen de datos numéricos y observaciones, y escrito para la Exposicion Colonial de Amsterdam de 1883.*

Martinez de Zuñiga, Joaquin. *Estadismo de las islas Filipinas, o mis viajes por este país por el padre Fr. Joaquín Martínez de Zúñiga; publica esta obra por primera vez extensamente anotada, W.E. Retana.* [S.l.] [s.n.] Madrid Imp. de la Viuda de M. Minuesa de los Ríos, 1893.

Sanciano, Gregorio G. *El progreso de Filipinas: Estudios, económicos, administrativos y políticos.* [S.l.] [s.n.] Madrid Imp. de la viuda de J. M. Pérez, 1881.

## Sekondaryang Sanggunian

Corpuz, Onofre D. *An Economic History of the Philippines*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997.

Cullinane, Michael. *Ilustrado Politics: Filipino American Elite Responses to American Rule, 1898–1908*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2003.

Dery, Luis C. *The Kris in Philippine History: A Study of the Impact of Moro Anti-Colonial Resistance, 1571–1896.* Quezon City, 1997.

Historical Data Papers. *History and Cultural Life of Catanauan*. Refrence Memorandum No. 34, s., 1952.

Historical Data Papers. *History and Cultural Life of Lucena*. Refrence Memorandum No. 34, s., 1952.

Historical Data Papers. *History and Cultural Life of Unisan*. Refrence Memorandum No. 34, s., 1952.

Non, Domingo. "Moro Piracy during the Spanish Period and Its Impact." *Southeast Asian Studies* 30, no. 4 (March 1993).